


Pansariling Kaunlaran

Ikalawang Markahan – Modyul 9: Istruktura ng Pamilya at mga Kasaysayan Nito



Pansariling Kaunlaran – Grade 12

Alternative Delivery Mode

Ikalawang Markahan – Modyul 9: Istruktura ng Pamilya at mga Kasaysayan Nito Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul	
PANSARILING KAUNLARAN - SENIOR HIGH SCHOOL	
Manunulat:	Josephine L. Coprada Jonas Feliciano C. Domingo EdD Evelyn S. Plaza
Editor:	Rhoda M. Manual EdD
Tagasuri:	Tessie M. Cruz Eulafel C. Pascual Nenita R. Romero Rosemarie C. Cuaresma Erlinda T. Reyes Emma A. Sendiong EdD
Tagaguhit:	Justine Montoya
Tagalapat:	Michael P. Rull
Tagapamahala:	Malcolm S. Garma PhD Genia V. Santos PhD Dennis M. Mendoza Micah S. Pachecor Helen G. Padilla PhD Jonas Feliciano C. Domingo EdD

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – National Capital Region (DepEd NCR)

Office Address: Misamis St., Bago Bantay, Quezon City, Philippines

Telefax: (632) 8929-0153

E-mail Address: depedncr@deped.gov.ph

Senior High School

Pansariling Kaunlaran

Ikalawang Markahan – Modyul 9: Istruktura ng Pamilya at mga Kasaysayan Nito

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



ALAMIN

Dinisenyo at nilikha ang modyul na ito upang maging dalubhasa ang mga mag-aaral sa kursong Pansariling Kaunlaran. Saklaw rin ng modyul na ito na linangin at hubugin ang mga mag-aaral na maging katuwang sa pag-unlad ng bansa. Sa tulong ng modyul, mabibigyan ng pagkakataon ang bawat isa na magtamasa ng kaalaman at kasanayan gamit ang talino, kahusayan, at angkop na pagkilos upang ilapat ang natutuhan sa pamamagitan ng epektibong pagkatuto. Ang bawat aralin ay nakaayos at nakasunod sa pagkasunod-sunod ng pamantayan ng kurso.

Pagkatapos ng modyul, inaasahan ang bawat mag-aaral na:

1. Naipakikilala ang miyembro ng kanyang pamilya sa pamamagitan ng isang genogram.
2. Natutukoy ang kahalagahan ng pamilya.



SUBUKIN

Sagutan ang mga sumusunod na katanungan. Isulat sa isang malinis na papel ang iyong sagot.

1. Ano ang kahulugan ng salitang pamilya?

2. Ibigay ang mga gawain na nakaatang sa iyong pamilya?

3. Paano mo ipinapakita ang pagpapahalaga mo sa iyong pamilya?

4. Paano binibigyan ng solusyon ng iyong pamilya ang mga problemang nararanasan ninyo sa bawat isa?

5. Kung ikaw at may kaibigan na nakakaranas ng problema sa kanyang pamilya, paano mo ito matutulungan?

Aralin

1

Istruktura ng Pamilya at mga Kasaysayan Nito

Pamilya salitang mahalaga sa bawat tao at napakagandang regalong ibinigay ng Diyos. Sa pamilya unang nanggaling ang pakiramdam nang pagiging ligtas at nagsimula ang pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Pamilya rin ang humuhubog sa ating pagkatao. Magulang ang unang guro na nagpaliwanag sa atin ng pinagkaiba ng tama at mali. Itinuturing rin ang mga salitang dapat nating matutuhan sa pakikipag-usap sa ating kapwa. Maihahalintulad ang pamilya sa isang kahon na walang laman dahil ang mga taong kabilang dito ang magpupuno at mamimili kung anong klaseng pamilya ang kanilang nais.

Ang kahalagahan ng pamilya ay pagkakaroon ng tunay na pag-ibig at ng mga taong laging naroon para sa iyo, maging sa magagandang panahon o kapag nakaranas ng mga pagsubok o hamon ng buhay. Ang pamilya na mayroong pag-unawa, pag-asa, ginhawa, payo, moralidad, mithiin, at pananampalataya ay mahalaga. Ang mga bagay na ito ay mahalaga sapagkat ito ay nakapagdudulot ng seguridad at kasiyahan ng kalooban kahit anong mangyayari sa buhay.

Ikaw anong pamilya kinabibilangan mo?



BALIKAN

Mula sa tinalakay sa nakaraang aralin, ano-ano ang mga salitang tumanim sa iyong isipan? Isulat sa loob ng kahon ang iyong sagot at gawin ito sa isang malinis na papel.

Mga salitang tumanin sa aking isipan	Mga Kahulugan ng mga ito



TUKLASIN

Basahin ang tula sa ibaba at sagutin ang mga tanong.

Halaga ng Pamilya

ni: Arjhon Gime

Pamilya'y dapat alagaan
Sila'y ating sandigan
Sa kalungkutan at hirap
Bawat kasapi'y maaasahan

Mula pagkabata hanggang paglaki
Di nagsawa sa pagkalinga
Ipinunlang pag-aaruga
Aning binhi ng pamilya'y masagana

Pamilyang pinagmulan ay ating buhay
Ama, ina, anak laging magkakaagapay
Ugnayang matatag na walang kapantay
Sama-sama sa pag-abot ng hangad na tagumpay



SURIIN

Sagutan sa isang malinis na papel ang mga katanungan na makikita sa ibaba.


1. Ayon sa tula, sino-sino ang nagtutulungan sa pag-abot ng hangad na tagumpay?

2. “Halaga ng Pamilya”, ano ang pagkakaunawa mo sa pamagat?

3. Ano ang mensahe ng saknong 1 sa mga mambabasa?

4. Magbigay ng isang karanasan na hindi mo malilimutan sa iyong pamilya?

5. Gumawa ka ng islogan na naglalarawan ng pamilyang kinabibilangan mo.



PAGYAMANIN

May ilang taong naniniwalang ang isang pamilya’y tulad ng isang magandang kahong puno ng mga bagay na gusto nila: pagmamahal, katuwaan, pagkakaroon ng kasama (companionship) at iba pang magagandang bagay; isang kahong mabubuksan anomang oras na nais nila ng bagay na ito. Marahil, mas nakakatulad ng isang walang lamang kahon ang pamilya. Nagiging maganda at makabuluhan ito batay sa kung ano ang ginagawa rito ng mga tao. Kailangang sidlan muna ito ng laman ng mga tao bago may makuhang anuman mula rito. Kung nais natin ng pagmamahal at katuwaan sa ating mga pamilya, kailangang magtanim muna tayo ng pagmamahal, paglilingkod at paghikayat sa isa’t isa. Ang mga ito ang nagpapatigib sa kahon. Ang paglalabas ng higit sa isinilid natin ay magpapabasyo sa kahon sa malao’t madali.

Matatagpuan sa buong mundo ang maraming matatag na pamilya. Maaaring mayaman o mahirap sila. Maaaring iba-iba rin ang pagkakabuo nila, ilan sa mga halimbawa:

- isang ina, ama, at mga anak, o
- isang ina na may isa o higit pang anak, o
- mga lolo’t lolang kasama ng kanilang mga anak at apo, o
- mag-asawang walang anak.
- isang ama na may isa o higit pang anak

Matatag na pamilya na may pag-unawa, pag-asa, ginhawa, payo, moralidad, mithiin, at pananampalataya ang pundasyon ng lahat ng dakilang bansa. Tumutulong silang humubog ng mga taong magiging katulad natin. Kung kailangan nating lumaking malulusog at maliligaya ang mga anak natin, mahalagang magkaroon tayo ng matatag na pamilya.

Anim ang Katangiang Kailangan sa Pagbubuo ng Matatag na Pamilya

Para mapuno ang “kahon”, kailangang magkaroon ng sumusunod na katangian ang isang pamilya:

- may pananagutan (komitment) sila sa isa’t isa;
- nagpapakita ng pagpapahalaga;
- may mabuting komunikasyon;
- may panahong nagkakasama-sama sila;

- sumusunod sa kanilang mga paniniwalang ispiritwal at umaayon sa kanilang mga pagpapahalaga;
- nakakaagapay sa alalahanin.

Ang Genogram

Ang **genogram** ay isang larawan o ilustrasyon ng mga pampamilyang relasyon ng isang tao at kasaysayang mediko (“*Genogram*,” n.d.). Ito ay isang elaborasyon ng ‘*family tree*’ kung saan ipinapakita rin ang mga ‘hereditary patterns’ at mga relasyon sa mga miyembro ng pamilya.


Sa paggawa ng isang genogram, dapat magsanay ng kahinahunan at katapatan sa katotohanan upang ang genogram ay maging mas tumpak. Tandaan na walang tama o maling genogram. Ang isang tao ay dapat na maging matapang upang tanggapin ang impormasyon na lalabas sa pagsasaliksik para sa isang genogram.




TAYAHIN

Gamit ang genogram alamin natin ang impormasyon tungkol sa iyong pamilya na may malaking ambag sa iyong pag-uugali at pagkatao. Isulat rin ang katangian ng bawat isa na gustong-gusto mo.


Pamilya _____






KARAGDAGANG GAWAIN

Sa bawat yugto ng buhay ay laging may planong ginagawa ang bawat pamilya. Sa muling pagtahak mo sa bagong yugto ng buhay paano nagplano ang iyong pamilya sa pagpili mo ng kurso sa kolehiyo upang maging handa ka sa yugtong ito? Isipin mo isa ka sa kabataan nakatayo sa gitna ng dalawang daan. Pumili ka ng landas na nais mong tahakin. Ipaliwanag mo kung bakit ito ang daan na pipiliin mo. Isulat mo ang iyong sagot sa isang buong papel.





SUSI SA PAGWAWASTO

Surtin

- Ang mga sagot ay
maaring bumase sa
pagkakahad ng
Gawain sa klase

Tayahin

- Ang mga sagot ay
maaring bumase sa
pagkakahad ng
Gawain sa klase

Sanggunian

Aklat:

Ricardo Rubio Santos(2019) Personal Development, Rex Book Store Publishing House

Internet:

<http://alaminnatin.com/story/Genogram-Ilang-Halimbawa>

<http://www.hawaii.edu/filipino/Lessons/Pamilyang%20Pilipino/Pamilyang%20Pilipino.html>

<https://wondermomblog.com/kahalagahan-ng-pamilya/>

https://www.google.com/search?q=halaga+ng+pamilya+tula&tbm=isch&source=iu&ictx=1&fir=kh9o46tXJz93lM%253A%252CPKHTqmffxPxNKM%252C_&vet=1&usg=AI4_-kSlxzznY3FtHfuMi5kkwxs6EQofeA&sa=X&ved=2ahUKE

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph